# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 55*
# *Lumakad sa mga Kautusan ng Dios*

***“1 At sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay dumating sa ilang ng Sin, na nasa pagitan ng Elim at Sinai, nang ikalabing limang araw ng ikalawang buwan, pagkatapos na sila'y makaalis sa lupain ng Egipto. 2 At inupasala ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron sa ilang: 3 At sinabi sa kanila ng mga anak ni Israel, Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon sa lupain ng Egipto, nang kami ay nauupo sa tabi ng mga palyok ng karne, nang kami ay kumakain ng tinapay hanggang sa mabusog; sapagka't kami ay inyong dinala sa ilang na ito, upang patayin ng gutom ang buong kapisanang ito. 4 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon kay Moises, Narito, kayo'y aking pauulanan ng pagkain mula sa langit; at lalabasin at pupulutin ng bayan araw-araw ang bahagi sa bawa't araw; upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi. 5 At mangyayari sa ikaanim na araw, na sila'y maghahanda ng kanilang dala, na ibayo ng kanilang pinupulot sa araw-araw. 6 At sinabi ni Moises at ni Aaron sa lahat ng mga anak ni Israel, Sa kinahapunan, ay inyong malalaman, na ang Panginoon ay siyang naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto. 7 At sa kinaumagahan, ay inyo ngang makikita ang kaluwalhatian ng Panginoon; sapagka't kaniyang naririnig ang inyong mga pagupasala laban sa Panginoon: at ano kami, na inyo kaming inuupasala? 8 At sinabi ni Moises, Ito'y mangyayari, pagbibigay ng Panginoon sa inyo sa kinahapunan ng karne na makakain, at sa kinaumagahan ng pagkain, na makabubusog; sapagka't naririnig ng Panginoon ang inyong mga pagupasala na inyong iniuupasala laban sa kaniya: at ano kami? ang inyong mga pagupasala ay hindi laban sa amin, kundi laban sa Panginoon. 9 At sinabi ni Moises kay Aaron, Sabihin mo sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, Lumapit kayo sa harap ng Panginoon; sapagka't kaniyang narinig ang inyong mga pagupasala. 10 At nangyari, pagkapagsalita ni Aaron sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sila'y tumingin sa dakong ilang, at, narito, ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa ulap. 11 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi, 12 Aking narinig ang mga pagupasala ng mga anak ni Israel: salitain mo sa kanila, na iyong sasabihin, Sa kinahapunan ay kakain kayo ng karne, at sa kinaumagahan, ay magpapakabusog kayo ng tinapay; at inyong makikilala na ako ang Panginoon ninyong Dios. 13 At nangyari sa kinahapunan na ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan ang kampamento at sa kinaumagahan, ay nalalatag sa palibot ng kampamento ang hamog. 14 At nang paitaas na ang hamog na nalalatag na, narito, sa balat ng ilang ay may munting bagay na mabilog at munti na gaya ng namuong hamog sa ibabaw ng lupa. 15 At nang makita ng mga anak ni Israel, ay nagsangusapan, Ano ito? sapagka't hindi nila nalalaman kung ano yaon. At sinabi ni Moises sa kanila, Ito ang pagkain na ibinigay ng Panginoon sa inyo upang kanin. 16 Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon, Pumulot ang bawa't tao ayon sa kaniyang kain; isang omer sa bawa't ulo, ayon sa bilang ng inyong mga tao, ang kukunin ng bawa't tao para sa mga nasa kaniyang tolda. 17 At gayon ginawa ng mga anak ni Israel, at may namulot ng marami, at may kaunti. 18 At nang timbangin sa omer, ang namulot ng marami ay walang higit, at ang namulot ng kaunti ay hindi nagkulang; bawa't tao ay pumulot ng ayon sa kaniyang kain. 19 At sinabi ni Moises sa kanila, Huwag magtira niyaon ang sinoman ng hanggang sa umaga. 20 Gayon ma'y hindi sila nakinig kay Moises; kungdi ang iba sa kanila ay nagtira niyaon hanggang sa umaga, at inuod at bumaho; at naginit sa kanila si Moises. 21 At sila'y namumulot tuwing umaga, bawa't tao ayon sa kaniyang kain: at pagka ang araw ay umiinit na, ay natutunaw. 22 At nangyari, na nang ikaanim na araw, ay pumulot sila ng pagkain na ibayo ang dami, dalawang omer sa bawa't isa: at lahat ng puno sa kapisanan ay naparoon at nagsaysay kay Moises. 23 At kaniyang sinabi sa kanila, Ito ang sinalita ng Panginoon, Bukas ay takdang kapahingahan, banal na sabbath sa Panginoon: ihawin ninyo ang inyong iihawin, at lutuin ninyo ang inyong lulutuin; at lahat na lalabis ay itago ninyo sa ganang inyo, na inyong itira hanggang sa kinabukasan. 24 At kanilang itinago hanggang sa kinaumagahan, gaya ng iniutos ni Moises: at hindi bumaho, ni nagkaroon ng anomang uod. 25 At sinabi ni Moises, Kanin ninyo yaon ngayon; sapagka't ngayo'y sabbath na ipinangingilin sa Panginoon: ngayo'y hindi kayo makakasumpong sa parang. 26 Anim na araw na inyong pupulutin; datapuwa't sa ikapitong araw ay sabbath, hindi magkakaroon. 27 At nangyari sa ikapitong araw, na lumabas ang iba sa bayan upang mamulot, at walang nasumpungan. 28 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Hanggang kailan tatanggihan ninyo ganapin ang aking mga utos at ang aking mga kautusan? 29 Tingnan ninyo, na sapagka't ibinigay ng Panginoon sa inyo ang sabbath, kung kaya't kaniyang ibinibigay sa inyo sa ikaanim na araw ang pagkain ng sa dalawang araw; matira ang bawa't tao sa kaniyang kinaroroonan, huwag umalis ang sinoman sa kaniyang kinaroroonan, sa ikapitong araw. 30 Kaya ang bayan ay nagpahinga sa ikapitong araw. 31 At yao'y pinanganlan ng sangbahayan ng Israel na Mana: at kaparis ng buto ng kulantro, maputi; at ang lasa niyaon ay kasinglasa ng manipis na tinapay na may pulot. 32 At sinabi ni Moises, Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon, Punuin ninyo ang isang omer ng mana, na inyong ingatan sa buong panahon ng inyong mga lahi; upang kanilang makita ang pagkain, na aking ipinakain sa inyo sa ilang nang kayo'y aking ilabas sa lupain ng Egipto. 33 At sinabi ni Moises kay Aaron, Kumuha ka ng isang palyok at sidlan mo ng isang omer na puno ng mana, at ilagay mo sa harap ng Panginoon, upang maingatan sa buong panahon ng inyong mga lahi. 34 Kung paanong iniutos ng Panginoon kay Moises, ay gayon inilagay ni Aaron sa harap ng Patotoo upang ingatan. 35 At ang mga anak ni Israel ay kumain ng mana na apat na pung taon, hanggang sa sila'y dumating sa lupaing tinatahanan; sila'y kumain ng mana hanggang sa sila'y dumating sa mga hangganan ng lupain ng Canaan. 36 Ang isang omer nga ay ikasangpung bahagi ng isang efa.” (Exodu 16:1-36 KJV)***

Matapos ang matagumpay na paglisan ng bayan ng Dios mula sa Egipto kung saan gumawa ang Dios ng kamangha mangha na ibat’t ibang himala para sa kanila sa pamamagitan ng maraming pagdidisiplina laban sa mga Egipcio upang palayain sila mula kay Faraon at mula sa kanyang hukbo na nilunod ng Dios sa dagat habang iniligtas Niya ang mga tao at pinalakad sila sa tuyong lupa; ngayon pinangunahan sila ng Dios sa lupain ng ilang. ***“1 At sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay dumating sa ilang ng Sin, na nasa pagitan ng Elim at Sinai, nang ikalabing limang araw ng ikalawang buwan, pagkatapos na sila'y makaalis sa lupain ng Egipto” (Exodu 16:1 KJV)*** Pagkatapos ng isang malaking tagumpay na ibinigay sa kanila ng Dios laban sa kanilang mga kaaway Siya ang parehong Dios na nangunguna sa kanila ngayon sa ilang, sa buhay ng disiplina at pagdurusa. Sa parehong paraan para sa atin ngayon, si Jesus na nagdala sa atin ng tagumpay sa krus Siya ang parehong Jesus na nagsasabi sa atin na pumasok at

dumaan sa makipot na pintuan at makipot na daan, at Siya rin ang nagdidisiplina sa atin at nais tayong lumayo mula sa kamunduhan at nais sa atin na disiplinahin ang ating mga anak at ang mga nasa ilalim ng ating pangangalaga.

***"2 At inupasala ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron sa ilang:" (Exodu 16:2 KJV)*** Paanong ang mga Israelita ay tumugon sa ganoong pagkilos ng Dios, pagpapahintulot sa kanila na pumaroon sa ilang, humiwalay mula sa kamunduhan at mula sa kasiyahan ng sanglibutan at mula maging sa pagkain na nais nilang kainin? Tumugon sila sa pag uumpisa ng pagrereklamo laban kay Moises at Aaron. Totoo, na Si Moises at Aaron ang nanguna sa mga tao sa gayong dako at inilagay sila sa dakong iyon, ngunit iyon ang kautusan ng Dios sa kanila at sila'y tapat sa paggawa ng gawaing iyon ng Dios. Ang mga tao ay palaging natutuksong magreklamo laban sa mga inilagay sa kanila ng Dios, maging sa pamahalaan, maging sa simbahan man at sa alinmang dako, ngunit bigo nilang makita na itinakda ng Dios sa kanila ang ilang at dumaan sa pagdurusa sa pamamagitan ng makipot na pintuan at ang makipot na daan, at nararapat na sila'y patuloy na dumaan sa gayon hanggang matapos nila ang pagtakbo. * Huwag maging maigsi ang paningin kundi maging handa na makita ang higit pa sa nakikita mo sa iyong mga mata, at makita na ang Dios ay nariyan sa likod ng lahat ng iyong dinadaanan. * Ilagay din sa iyong isipan na ang Langit ay may mga kinakailangan at bago ka makarating doon kailangan mong tapusin ang iyong pinagdaraanan sa ilang. * Kaya nga, alisin ang pagrereklamo at pagmamaktol, matakot sa Dios at sundin Siya sa paraang pinangungunahan Niya kayo.

***"3 At sinabi sa kanila ng mga anak ni Israel, Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon sa lupain ng Egipto, nang kami ay nauupo sa tabi ng mga palyok ng karne, nang kami ay kumakain ng tinapay hanggang sa mabusog; sapagka't kami ay inyong dinala sa ilang na ito, upang patayin ng gutom ang buong kapisanang ito." (Exodu 16:3 KJV)*** Habang sila'y nagrereklamo laban kay Moises at Aaron, ang mga Israelita ang naalala nila rito ang ay pagkain na kanilang kinakain sa Egipto, ang karne at ang tinapay, ang inakusahan nila si Moises at Aaron na dinala nila sila sa ilang para patayin sila. Ang katotohanan tungkol sa pagkain na kinain nila sa Egipto ay tama, ngunit ang tanong dito, bakit hindi nila naalala ang sampung salot na ipinadala ng Dios kay Faraon at sa mga taga Egipto upang palayain sila? Bakit hindi binanggit kung paanong pinatay ng Dios ang panganay ng mga Egipcio? Bakit hindi binanggit kung paanong binuksan ng Dios sa kanila ang dagat nang itinaas ni Moises ang kanang kamay at lumakad sila sa tuyong lupa at nilunod Niya si Faraon at ang Kanyang mga hukbo sa dagat? Ang sagot sa lahat ng mga katanungang ito ay hindi nila binanggit ang lahat ng ito dahil ang kanilang puso ay hindi nakatakda sa Dios; ang makasalanang kalikasan ng tao at hindi tapat ay palaging aalalahanin ang mabubuting bagay sa nakaraan upang pintasan ang pagdurusa na pinangungunahan sila ng Dios sa kasalukuyan. Ginagawa nila iyon upang magalit at tanggihan ang mga daan ng Dios sa kanilang buhay. Nais nilang tanggapin ang mabubuting bagay ngunit ayaw nilang magdusa para sa Kanya. Ngayon, maging maingat sa iyong sarili, huwag masangkot at mahulog sa bitag ng kasalanan ng pagrereklamo at walang katapatan.

***"4 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon kay Moises, Narito, kayo'y aking pauulanan ng pagkain mula sa langit; at lalabasin at pupulutin ng bayan araw-araw ang bahagi sa bawa't araw; upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi." (Exodu 16:4 KJV)*** Ang Dios ay palaging nariyan sa buhay ng Kanyang simbahan at ng Kanyang bayan; Ipapahintulot Niya ang ilang ngunit ibibigay niya ang pangangailangan upang maging possible ang paglalakbay at magpatuloy. Dito ipinangako ng Panginoon na pauulanin Niya ng tinapay mula sa Langit upang matugunan ang pangangailangan ng pagkain para sa ikabubuhay, ngunit hindi ibinigay ng Dios sa kanila ang parehong mga pakayok ng laman sa ilang gaya ng mayroon sila sa Egipto. Habang tayo ay sumusulong patungo sa Langit sa ilang ng buhay na ito ipinapahintulot ng Dios ang mga pagdurusa ngunit patuloy Niya pa ring ibinibigay ang ating pangangilangan at hindi ang ating gusto, upang magawa nating tapusin ang pagtakbo na itinakda Niya sa atin. Inilagay sila ng Dios sa isang disiplina, na kahit sa tinapay na ito, kakain sila ng may ilang bilang habang sila'y nasa ilang hanggang marating nila ang Lupang Pangako. Sa parehong paraan bilang inilalaan ng Dios ang para sa atin, Ilalagay Niya tayo upang ubusin ang ilang mga hangganan at iyon ay bahagi ng ating disiplina sa buhay na ito hanggang sa makarating tayo sa Langit.

Ipinahintulot ng Dios ang pagsubok na iyon para sa Kanyang bayan, na wala silang pagkain, para magpakumbaba sila, upang ituwid sila patungo sa Kanya, upang suriin kung sino sila, at alamin kung ano ang nasa kanilang puso, at malaman nila na ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang kundi sa bawat Salita na nagmumula sa bibig ng Dios gaya ng mababasa natin dito: ***"1 Ang lahat ng utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay inyong isasagawa, upang kayo'y mangabuhay at dumami, at inyong mapasok at ariin ang lupain na isinumpa ng Panginoon sa inyong mga magulang. 2 At iyong aalalahanin ang buong paraan na ipinatnubay sa iyo ng Panginoon mong Dios niatong apat na pung taon sa ilang, upang kaniyang mapangumbaba ka, at subukin ka, na maalaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong gaganapin ang kaniyang mga utos o hindi. 3 At ikaw ay pinapangumbaba niya, at pinapagdamdam ka niya ng gutom, at pinakain ka niya ng mana, na hindi mo nakilala, ni nakilala ng iyong mga magulang; upang kaniyang maipakilala sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawa't bagay na nagmumula sa bibig ng Panginoon." (Deutronomio 8:1-3 KJV)*** Napakadali na sumunod sa Dios, paglingkuran Siya at sambahin Siya kapag ang lahat ng mga bagay ay naririyan, ngunit paano kapag inilagay ka Niya sa ilang at mga pagdurusa?!! Nais pa rin ng Dios sa iyo na paglingkuran Siya, sumunod at sambahin Siya kahit na ikaw ay nasa ilalim ng mga pagdurusa at sa ilalim ng mga gusto. Ipinahintulot ng Dios ang mga pagdurusa at pagsubok sa iyong buhay upang suriin at malaman kung ano ang nasa iyong puso patungo sa Kanya.

Sinabi ng Dios, ***"upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi."*** Ang layunin ng Dios dito sa pagbibigay ng pangangailangan ay upang ibigay sa kanila ang pagkakataon kung sila'y susunod o lalakad sa Kanyang kautusan o hindi. Marami akong nakita ng mga tao na umiiyak dahil sila'y nangangailangan, at sila'y nangangako sa Dios na sila'y magiging tapat, ngunit matapos silang mapaginhawa at pagkatapos ng ang kanilang mga suliranin ay malutas sila'y lalayo sa Dios at bigong sundin ang Kautusan ng Dios na nauna nilang ipinangakong tutupdin. Ngayon, ipinapaalala ko sa iyo ang lahat ng mabubuting bagay na tinanggap mo mula sa Dios at ngayon hindi ka handang lumakad sa Kanyang kautusan; bumalik sa Dios, magsisi sa lahat ng iyong pagrereklamo at

walang katapatan, tanggapin na dumaan sa makipot na pintuan, maglingkod sa Dios at tapusin ang pagtakbo na itinakda ng Dios sa iyo upang pagdaanan.

***“5 At mangyayari sa ikaanim na araw, na sila'y maghahanda ng kanilang dala, na ibayo ng kanilang pinupulot sa araw-araw.” (Exodu 16:5 KJV)*** Ang Panginoon dito ay naglagay ng panibagong tuntunin para sa kanila sa Kanyang kautusan, na sila’y magtitipon ng pangalawang halaga sa ikaanim na araw upang hindi na sila dapat lumabas sa ikapitong araw. Ilagay sa iyong isip na anuman ang inilagay ng Dios sa pagbibigay ng tiyak na pribilehiyo, ang layunin ng mga ito ay inihahanda ka ng Panginoon na sumunod at lumakad sa Kanyang kautusan.

***“6 At sinabi ni Moises at ni Aaron sa lahat ng mga anak ni Israel, Sa kinahapunan, ay inyong malalaman, na ang Panginoon ay siyang naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto. 7 At sa kinaumagahan, ay inyo ngang makikita ang kaluwalhatian ng Panginoon; sapagka't kaniyang naririnig ang inyong mga pagupasala laban sa Panginoon: at ano kami, na inyo kaming inuupasala? 8 At sinabi ni Moises, Ito'y mangyayari, pagbibigay ng Panginoon sa inyo sa kinahapunan ng karne na makakain, at sa kinaumagahan ng pagkain, na makabubusog; sapagka't naririnig ng Panginoon ang inyong mga pagupasala na inyong iniuupasala laban sa kaniya: at ano kami? ang inyong mga pagupasala ay hindi laban sa amin, kundi laban sa Panginoon. 9 At sinabi ni Moises kay Aaron, Sabihin mo sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, Lumapit kayo sa harap ng Panginoon; sapagka't kaniyang narinig ang inyong mga pagupasala. 10 At nangyari, pagkapagsalita ni Aaron sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sila'y tumingin sa dakong ilang, at, narito, ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa ulap. 11 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi. 12 Aking narinig ang mga pagupasala ng mga anak ni Israel: salitain mo sa kanila, na iyong sasabihin, Sa kinahapunan ay kakain kayo ng karne, at sa kinaumagahan, ay magpapakabusog kayo ng tinapay; at inyong makikilala na ako ang Panginoon ninyong Dios. 13 At nangyari sa kinahapunan na ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan ang kampamento at sa kinaumagahan, ay nalalatag sa palibot ng kampamento ang hamog. 14 At nang paitaas na ang hamog na nalalatag na, narito, sa balat ng ilang ay may munting bagay na mabilog at munti na gaya ng namuong hamog sa ibabaw ng lupa.” (Exodu 16:6-14 KJV)*** Ang Dios ay nagbigay para sa Kanyang bayan ng kanilang pangangailangan; kinahapunan ipinadala Niya ang mga pugo upang kainin at kinaumagahan ipinadala Niya sa kanila ang tinapay na namuo na iyon ay gaya ng isang namuong hamog sa lupa. Tinugunan ng Dios ang kanilang pangangailangan sa gabi at sa susunod na umaga; Ang gaya ng sinalita Niya kay Moises at Aaron ay ginawa Niya sa Kanyang bayan, at ipinakita Niya sa kanila ang Kanyang kaluwalhatian nang ibinigay Niya sa kanila ang kanilang pangangailangan. Ngunit ang kanilang pagrerekmao laban kay Moises at Aaron ay kasuklam suklam na bagay at ang pagrereklamong iyon ay laban sa Dios at laban sa pangyayari sa ilang at sa pagdurusa na ipinahintulot ng Dios sa kanila na pagdaanan. * Sa parehong paraan, kapag ikaw ay nagreklamo laban sa pamahalaan, laban sa namumuno ng simbahan, laban sa mga magulang, laban sa iyong amo para ilang mga pagdurusa na iyong pinagdaraanan, ikaw ay nagrereklamo sa Dios at hindi lamang sa tao. * Ibibigay ng Dios ang iyong pangangailangan, ngunit ang iyong pagrereklamo, paguupsala at pakikipag away sa mga namumuno sa iyo sa pagrereklamo laban sa Dios at kailangan mong pagsisihan ang gayong masamang pag uugali.

***“15 At nang makita ng mga anak ni Israel, ay nagsangusapan, Ano ito? sapagka't hindi nila nalalaman kung ano yaon. At sinabi ni Moises sa kanila, Ito ang pagkain na ibinigay ng Panginoon sa inyo upang kanin.” (Exodu 16:15 KJV)*** Ang kahulugan ng Salitang ‘**Manna’**, ay **‘Ano ito?’**, nakita ito ng mga tao ngunit hindi napagtanto na iyon ang bagong pagkain na ibinigay sa kanila ng Panginoon. Si Moises ang pinuno na itanakda ng Dios upang magpaliwanag sa kanila. Ang mga taong nagrereklamo at nag uupsala ay hindi nakita ang mabubuting bagay na ibinigay sa kanila ng Dios dahil sa kanilang pagrereklamo ay binulag sila. * Ilagay sa iyong isipan na ang pagrereklamo at paguupsala ay maaring makapagbulag sa iyo mula pagkita ng mabubuting bagay na ibinibigay ng Dios sa iyo. * Gayundin kailangan pa rin nating maging matiyaga sa mga tao at ipaliwanag sa kanila ang mabubuting bagay sa maliliit na bagay na ibinibigay sa kanila ng Dios gaya ng ginawa ni Moises. * Ang mga mata ng mga tao nakatuon sa mga palayok ng laman at hindi nila nakikita ang bagong pagkain na ipinalit para doon, at iyon ang dahilan kung bakit kailangan nating ipaliwanag sa kanila. Kailangan nating ipakita sa kanila ang halaga ng kanilang maliit na kita, ang mabubuting bagay na mayroon sila ngunit hindi nila batid, ang kanilang mabuting kalusugan, ang kanilang kawalan ng sakit, atbp, hanggang ang kanilang mga mata ay mabuksan sa katotohanan ng kabuuan.

***“16 Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon, Pumulot ang bawa't tao ayon sa kaniyang kain; isang omer sa bawa't ulo, ayon sa bilang ng inyong mga tao, ang kukunin ng bawa't tao para sa mga nasa kaniyang tolda.” (Exodu 16:16 KJV)*** Narito ibinigay ni Moises sa kanila ng malinaw na tagubilin kung paanong kailangan nilang magipon para sa bawat tao sa kanila; isang omer araw-araw bawat tao sa kanila, na kung saan ay dalawang litro, na magiging sapat upang tugunan ang pangangailangan ng pagkain. Kailangan natin patuloy na turuan ang mga tao at disiplinahin sila ng Salita ng Dios at ng Kanyang mga utos sa atin. Kailangan nating patuloy na turuan ang mga tao sa lahat ng iniutos ni Jesus sa atin. Ang utos ng Dios dito ay gumawa sa pagiipon araw-araw ng kanilang kailangan at tinukoy ng Dios ang halaga upang gabayan sila laban sa kakaunting pagiipon dahil sa katamaran at laban sa higit na pagiipon dahil sa kasakiman. Ang Dios ay patuloy na nagbibigay sa atin para sa ating pang araw-araw na pangangailangan at kailangan nating lubos na magtiwala sa Kanya, at ipinapahayag natin iyon sa pagtitiwala sa pagsunod ng tama sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga utos.

***“17 At gayon ginawa ng mga anak ni Israel, at may namulot ng marami, at may kaunti. 18 At nang timbangin sa omer, ang namulot ng marami ay walang higit, at ang namulot ng kaunti ay hindi nagkulang; bawa't tao ay pumulot ng ayon sa kaniyang kain.” (Exodu 16:17-18 KJV)*** Narito ang mga Israelita ay narinig ang mga utos at lumabas para magipon, ngunit ang ilan ay kumuha ng marami, at ang ilan ay nagipon ng kaunti, ngunit sa huli ipinakita ng Dios sa kanila na walang pagkakaiba upang patunayan sa kanila na ang lahat ng mayroon sila ay mula sa Kanya at Siya ay pantay na nagpapala sa bawat isa at sa lahat ng mga ito. Sa parehong paraan kailangan nating ipahayag ang ating pananampalataya sa Dios na ang lahat ng mayroon tayo ay nagmula sa Kanya at hindi sa ating kalakasan o talino ang nagipon ng mga ganyan sa atin.

***"19 At sinabi ni Moises sa kanila, Huwag magtira niyaon ang sinoman ng hanggang sa umaga. 20 Gayon ma'y hindi sila nakinig kay Moises; kungdi ang iba sa kanila ay nagtira niyaon hanggang sa umaga, at inuod at bumaho; at naginit sa kanila si Moises." (Exodu 16:19-20 KJV)*** Narito ang Panginoon ay nagbigay ng panibagong tagubilin kay Moises na ang titipunin ng mga tao ay hindi nila dapat panatilihin hanggang sa susunod na umaga, dahil ito'y mabubulok. Narito ang tagubilin ng Panginoon ay may layunin na ang mga tao ay dapat lubos na magtiwala sa Kanya para sa kanilang ikabubuhay, na ang Panginoon ang maglalaan sa kanilang pang araw-araw na pangangailangan. Narito ang Panginoon ay hindi labag na sila'y mag ipon o maging mabuting katiwala at mamahala sa kung anong darating sa kanila, kundi sinadyang buuin sa kanila ang buong pagtitiwala sa Kanya na Siya ay palaging nariyan sa kanilang buhay at Siya ang maglalaan sa kanila sa lahat ng kanilang pangangailangan. Sa parehong paraan, kailangan mong ipahayag ang iyong buong pagtitiwala sa Dios; oo kailangan mong magtrabaho at magtipon at kailangan mong mamahala at maging mabuting tagapamahala na inaasahan ng Dios mula sa iyo, ngunit kailangan mong ilagay sa iyong isipan na kapag umupo ka upang kumain, ang pagkain na iyong kakainin ay nagmula sa Dios at hindi nagmula sa iyo sa pamamagitan ng iyong sariling kalakasan o kapangyarihan.

Tingnan dito kung paaanong ginawa ng mga tao ang kabaligtaran sa kung anong iniutos ng Dios sa kanila sa pagiingat ng ilan ng manna hanggang sa susunod na araw at sa gayon ay ipinakita nila na sila'y hindi nagtitiwala o sumunod sa Salita ng Dios at tagubilin sa kanila. Ganito ang ginawa ni Adam at Eva nang iniutusan sila ng Dios na huwag kumain mula sa bunga ng punong kahoy ng kaalaman at mabuti at masama ngunit kumain sila nang naniniwala si Eva sa salita ni Satanas at hindi sa utos ng Dios, nang sinabi ni Satanas sa kanya, ***"Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama." (Genesis 3:5 KJV)*** * Huwag kailanman gawin ang kabaligtaran ng utos ng Dios, dahil ikaw ay magtatapos sa kaguluhan at mga pagkawala.

***"naginit sa kanila si Moises."*** Siya ay nagalit dahil sa kanilang pagsuway sa Salita ng Dios na nagdulot sa kanya ng kapaitan; bukod dito ginawa nila ang nakakahiya at kumilos bilang masamang halimbawa sa iba. Kailangan nating magalit mula sa ating kalungkutan at kapaitan mula sa pagsuway ng mga tao at kawalan ng pananampalataya sa Dios.
***"21 At sila'y namumulot tuwing umaga, bawa't tao ayon sa kaniyang kain: at pagka ang araw ay umiinit na, ay natutunaw." (Exodu 16:21 KJV)*** Narito ang pagtitipong ginawa nila kinaumagahan bago ang mataas na pagsikat ng araw upang maiwasang malusaw. Ito ang aral mula sa katamaran, na sa gayong kalidad ng pagkain na ibinigay ng Dios sa kanila, na kainakailangan nilang gumising ng maaga sa bawat umaga upang tipunin ang kanilang pagkain. Ang Dios sa gayong uri ng pagkain na ibinigay sa kanila ay isang kumpletong diet at binigyan sila ng disiplina laban sa kanilang mga kasalanan at masamang pag uugali. Palaging ilalagay ka ng Dios sa isang sitwasyon ng buhay na araw-araw ay susuriin ka para sa iyong masamang pag uugali at didispilinahin ka para sa iyong masasamang gawain.

***"22 At nangyari, na nang ikaanim na araw, ay pumulot sila ng pagkain na ibayo ang dami, dalawang omer sa bawa't isa: at lahat ng puno sa kapisanan ay naparoon at nagsaysay kay Moises. 23 At kaniyang sinabi sa kanila, Ito ang sinalita ng Panginoon, Bukas ay takdang kapahingahan, banal na sabbath sa Panginoon: ihawin ninyo ang inyong iihawin, at lutuin ninyo ang inyong lulutuin; at lahat na lalabis ay itago ninyo sa ganang inyo, na inyong itira hanggang sa kinabukasan. 24 At kanilang itinago hanggang sa kinaumagahan, gaya ng iniutos ni Moises: at hindi bumaho, ni nagkaroon ng anomang uod. 25 At sinabi ni Moises, Kanin ninyo yaon ngayon; sapagka't ngayo'y sabbath na ipinangingilin sa Panginoon: ngayo'y hindi kayo makakasumpong sa parang. 26 Anim na araw na inyong pupulutin; datapuwa't sa ikapitong araw ay sabbath, hindi magkakaroon."*** Narito ipinaliwanag at pinalawig ng Panginoon sa kanila sa pamamagitan ni Moises ang kautusan ng Sabbath, na kailangan nilang magtrabaho para sa anim na araw, ngunit sa ikapitong araw ay araw ng Sabbath, isang araw para sa pahinga, isang Banal na Sabbath sa Panginoon, at hindi dapat silang lumabas upang magtipon, dahil wala silang makikitang manna. Binigyan sila ng Dios ng doble ng halaga ng manna nauna sa ika anim na araw upang mayroon sila ng pagkain para sa ikapitong araw. Ipinaliwanag sa kanila ni Moises na kailangan nilang ihanda ito sa pamamagitan ng pagpapakulo at pagluluto sa paghahanda nito para sa pagkain sa susunod na araw upang hindi nila kailangang maging abala sa pagluluto para sila'y makapagpahinga at ipahayag ang kanilang buong pagtitiwala sa Dios at sa Kanyang presensya at sa Kanyang probisyon sa kanilang buhay. Ang parehong kautusan ng Dios ay kailangan nating isagawa ngayon; anim na araw kailangan mong magtrabaho at sa ika pitong araw kailangan mong magpahinga at lubos na magtiwala sa Dios na inilaan na Niya iyon para sa iyo para sa araw ng iyong pahinga. Anim na araw na kailangan mong magtrabaho, ngunit kailangan mong ibigay ang ikapitong araw sa Dios para sa ikaw ay magpahinga, at sambahin ang Dios at magpahinga sa Kanyang presensya, at kaya naman tayo'y nagtitipon lingguhan upang sumamba sa Dios sa Kanyang simbahan at upang paglingkuran Siya at makinig sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga tagubilin.

***"27 At nangyari sa ikapitong araw, na lumabas ang iba sa bayan upang mamulot, at walang nasumpungan." (Exodu 16:27 KJV)*** Sa kabila pa rin ng lahat ng mga panukalang iyon, ang ilan ay nagkasala sa Dios sa paglabas upang magipon ng manna. Binigyan sila ng Dios ng isang araw para makapagpahinga ngunit lumabas sila at napagod ang kanilang katawan at nakakaramdam sila ng pagod sa buong linggo. Maraming hindi nasisiyahan sa natatanggap nila sa buong linggo; sa halip ay darating sila upang sumamba sa Dios, sila ay yayaon at magtatrabaho at makakakuha ng pansamantalang trabaho. Ngunit ang mga taong sumisira ng kanilang pahinga ng Sabbath at pumunta sa trabaho, ang higit na makikita mo na sila'y nangangailangan. Ngayon, ang panahon ay dumating sa iyo upang maunawaan, na kung hindi mo pararangalan ang Dios at susundin ang araw ng pahinga ng Sabbath na ibinigay Niya sa iyo para magpahinga sa Kanyang presensya sa ikapitong araw at mapasa Kanyang simbahan, sa gayon ang higit na ikaw ay mangangailangan. Binigyan ka ng Dios ng isang araw na pahinga, kung gayon kapag nagtrabaho ka sa iyong araw ng pahinga, sa gayon ang buong linggo mo ikaw ay magiging pagod.

***“28 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Hanggang kailan tatanggihan ninyo ganapin ang aking mga utos at ang aking mga kautusan? 29 Tingnan ninyo, na sapagka't ibinigay ng Panginoon sa inyo ang sabbath, kung kaya't kaniyang ibinibigay sa inyo sa ikaanim na araw ang pagkain ng sa dalawang araw; matira ang bawa't tao sa kaniyang kinaroroonan, huwag umalis ang sinoman sa kaniyang kinaroroonan, sa ikapitong araw.” (Exodu 16:28-29 KJV)*** Ang Panginoon dito ay nagalit dahil sa pagtanggi na ingatan ang Kanyang mga utos at ang Kanyang kautusan. Sinabi ng Dios sa kanila at ipinaliwanag sa kanila na ibinibigay Niya sa kanila sa ika anim na araw ng tinapay para sa dalawang araw. Kaya parang sinasabi ng Dios, Bakit sakim at hindi nasisiyahan sa mayroon ka. Bukod doon ang ika pitong araw ay ibinigay para sa pagpapahinga para sa katawan at hindi para sa iyo na yumaon at magtrabaho at pagurin ang iyong katawan.

***“30 Kaya ang bayan ay nagpahinga sa ikapitong araw.” (Exodu 16:3 KJV)*** Kalaunan naunawaan nila ang aral pagkatapos magalit ng Dios at sila’y pinayuhan para sa kanilang maling gawain. Kailangan nating huwag sumuko, kundi patuloy na payuhan ang mga tao at ituwid sila, umaasa na isang araw na sila’y magsisisi at sisimulang gawin kung ano ang tama.

***“31 At yao'y pinanganlan ng sangbahayan ng Israel na Mana: at kaparis ng buto ng kulantro, maputi; at ang lasa niyaon ay kasinglasa ng manipis na tinapay na may pulot.” (Exodu 16:31 KJV)*** Ang pagkain na ibinigay sa kanila ng Dios, tiyak na isang kompletong pagkain na may lahat na nutrisyon na mga halaga, na may mga tuntunin ng Dios upang pangasiwaan ang kanilang buhay. Nais ng Dios na sundin Siya ng tao na sumunod sa Kanya at lumakad sa mga daan ng Dios. Dahil ang kasakiman ng tao, kawalan ng pagtitiwala sa Dios at pagsuway ang pagkain ng tao ay nasira na ngayon sa pamamagitan ng maraming hindi malusog na mga bagay na hindi dapat kainin ng mga tao. Marami na ngayon ang genes binagong mga pagkain na hindi malusog at nakakasama sa tao. Pero paano ipinakilala ang mga pagkain na iyon? Sila ay ipinakilala dahil sa pagsuway ng mga tao at ang kanilang kawalan ng tiwala sa Dios, at ang kanilang hindi pagpayag na lumakad sa mga daan at mga batas ng Dios.

***“32 At sinabi ni Moises, Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon, Punuin ninyo ang isang omer ng mana, na inyong ingatan sa buong panahon ng inyong mga lahi; upang kanilang makita ang pagkain, na aking ipinakain sa inyo sa ilang nang kayo'y aking ilabas sa lupain ng Egipto. 33 At sinabi ni Moises kay Aaron, Kumuha ka ng isang palyok at sidlan mo ng isang omer na puno ng mana, at ilagay mo sa harap ng Panginoon, upang maingatan sa buong panahon ng inyong mga lahi. 34 Kung paanong iniutos ng Panginoon kay Moises, ay gayon inilagay ni Aaron sa harap ng Patotoo upang ingatan.” (Exodu 16:32-34 KJV)*** Ginawa ng Dios dito ang isang napakalinaw na ang punto ng isang omer ng manna ay dapat kunin at itago sa isang palayok at itago sa kaban ng Dios upang maging isang saksi para sa lahat ng mga susunod na salinlahi at maging sa atin ngayon na ang Dios ang tanging magpapakain sa atin at ibibigay sa atin ang ating pagkain at dapat nating ilagay ang ating buong pagtitiwala sa Kanya na Siya ang maglalaan para sa lahat ng ating pangangailangan. Maging sa ngayon, kailangan itong maging malinaw na punto sa iyo, na kahit ikaw ay may kita at kaya mong bumili at magagawa ang maraming bagay, ngunit kapag umupo ka upang kumain, ang iyong pagkain ay nagmula sa Dios, at nabubuhay ka batay sa kung ano ang lumabas mula sa Kanyang Salita sa iyong buhay.

***“35 At ang mga anak ni Israel ay kumain ng mana na apat na pung taon, hanggang sa sila'y dumating sa lupaing tinatahanan; sila'y kumain ng mana hanggang sa sila'y dumating sa mga hangganan ng lupain ng Canaan.” (Exodu 16:35 KJV)*** Inilagay ng Dios sa Kanyang bayan sa ilalim ng gayong disiplina ng pagdurusa sa makipot na daan para sa apat na pung taon bago sila pumasok sa Lupang Pangako. Ang manna ay patuloy na pinaulan sa kanila hanggang makain nila ang produkto ng lupain gaya ng mababasa natin dito, ***“12 At ang mana ay naglikat nang kinabukasan, pagkatapos na sila'y makakain ng imbak na trigo ng lupain; at hindi naman nagkaroon pa ng mana ang mga anak ni Israel; kundi sila'y kumain ng bunga ng lupain ng Canaan ng taong yaon.” (Joshue 5:12 KJV)*** Ang Dios ay tapat sa kanila at patuloy na tinustusan sila sa kanilang pangangailangan hangga’t sila ay nasa ilang. Patuloy na ibibigay ng Panginoon ang ating pangangailangan habang tayo ay nasa makipot na daan hanggang Siya ay dumating at isama tayo sa Langit. Patuloy na kikilos ang Panginoon sa ating pagkatao at pag uugali at upang itama tayo at hubugin tayo sa lahat ng araw ng ating buhay sa lupa upang tayo’y dumaan sa makipot na pintuan at lumakad sa Kanyang kautusan sa makipot na daan hanggang si Jesus ay dumating at dalhin tayo sa Langit.

***“36 Ang isang omer nga ay ikasangpung bahagi ng isang efa.” (Exodu 16:33 KJV)*** Ang isang omer ay humigit kumulang na 2.2 litro ay ang bahagi ng isang Israelita mula sa manna sa isang araw.

Kapag binasa natin, ***“33 At sinabi ni Moises kay Aaron, Kumuha ka ng isang palyok at sidlan mo ng isang omer na puno ng mana, at ilagay mo sa harap ng Panginoon, upang maingatan sa buong panahon ng inyong mga lahi. 34 Kung paanong iniutos ng Panginoon kay Moises, ay gayon inilagay ni Aaron sa harap ng Patotoo upang ingatan.” (Exodu 16:32-34 KJV)*** Ang tanong dito: Sinunod ba ng mga Israelita ang kaayusan na itinakda ng Dios para sa kanila na sundin upang palaging ipaalala sa kanila na ang kanilang probisyon ay nagmumula lamang sa Dios? Basahin natin ang ***1 Hari 8:5-9, “5 At ang haring Salomon at ang buong kapulungan ng Israel na nangagpisan sa kaniya, ay mga kasama niya sa harap ng kaban, na naghahain ng mga tupa at mga baka, na di masasaysay o mabibilang man dahil sa karamihan. 6 At ipinasok ng mga saserdote ang kaban ng tipan ng Panginoon sa karoroonan, sa loob ng sanggunian ng bahay, sa kabanalbanalang dako, sa ilalim ng mga pakpak ng mga Querubin. 7 Sapagka't nangakabuka ang mga pakpak ng mga querubin sa dako ng kaban, at ang mga querubin ay nagbibigay kanlong sa kaban at sa mga pingga niyaon sa ibabaw. 8 At ang mga pingga ay nangapakahaba, na ang mga dulo ng mga pingga ay nakikita mula sa dakong banal sa harap ng sanggunian; nguni't hindi nangakikita sa labas: at nandoon hanggang sa araw na ito. 9 Walang anomang bagay sa kaban liban sa dalawang tapyas na bato na inilagay ni Moises doon sa Horeb, nang ang Panginoon ay makipagtipan sa mga anak ni Israel, nang sila'y lumabas sa lupain ng Egipto.” (1 Hari 8:5-9 KJV)*** Ang palayok ng manna ay nawala dito. Ang mga Israelita matapos nilang lumakas at maging maayos at magtayo ng malalaking bagay, nakalimutan nila na ang kanilang paglalaan at pangangailangan ay

magmumula lamang sa Panginoon. Iyan ang salaysay ng tao kapag siya'y pinagpala ng Dios, ang kanyang tiwala ay mapapalitan at magtatayo sa ibang mga bagay.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi, pagtanggap sa lahat ng iyong mga kasalanan, ng pagrereklamo, hindi handang magdusa, pagmamataas, kawalan ng tiwala sa Dios at waalng lubos na pag asa sa Kanya; paglalagay ng iyong tiwala sa iyong sarili at sa materyal na mga baagy na ibinigay sa iyo. Magsisi sa iyong kasakiman, walang kahandaan na lumakad sa mga daan ng Kanyang mga kautusan.Magsisi sa iyong pagsuway sa mga utos ng Dios at pagsira sa mga kautusan ng Dios.
Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na ipinakita sa akin ng malinaw ang aking mga kasalanan at ang mga dako na ako'y nabigo na lumakad sa mga daan ng iyong kautusan.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Panginoon ipinahayag at tinalikdan ko ang mga sumusunod na mga kasalanan: pagrereklamo laban sa iba, kasakiman, hindi paglalagay ng buong pagtitiwala sa iyo, pagsuway sa iyong mga kautusan at tagubilin, katamaran, at pagsira sa kautusan ng Sabbath.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga tuntunin na aking nalinang mula sa mensaheng ito. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga kautusan ng Sabbath, na ako'y magtatrabaho ng anim na araw at magpapahinga sa ika pitong araw at lalapit upang sumamba sa iyo sa iyong simbahan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na dumaan sa makipot na pintuan at makipot na daan na iyong itinakda para sa akin upang dumaan hanggang sa dumating ka at dalhin ako sa Langit. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban. Panginoon bigyan ako ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, pananampalataya, pagpipigil sa sarili, kahinahunan, pagtitiis, mahabang pagdurusa, at katapatan na magpatuloy at maglingkod sa iyo sa isang mabuting paraan pagninilay sa katangian ni Jesus sa aking buhay, upang makita ka ng iba habang tinutulungan ko sila sa kanilang mga kaguluhan na kailangan ng mga kamay, pag aalalay at panalangin.*

*Panginoon dalangin ko para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami na itatag ang aming pananampalataya at ilagay ang aming buong pagtitiwala sa iyo. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at maglaan para sa amin habang kami ay nasa ilang naghihintay para sa iyo na dumating at dalhin kami sa Langit. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na lumakad sa iyong mga Kautusan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at paging dapatin kaming mag evangelio at abutin ang mga bagong tao sa Evangelio ni JesuCristo at sa Salita ng Dios.*

*Panginoon, dalangin naming na puspusin kami ng Banal na Espiritu at paging dapatin kami na magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong kapisanan at abutin ang bagong mga tao at bagong lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 55. Paglakad sa mga Kautusan ng Dios. Exodu 16:1-36. Deutronomio 8:1-3. Genesis 3:5. Joshue 5:12. 1 Hari 8:5-9.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.